Masaganang ANI
Mataas na KITA

Para sa ibang impormasyon, makipag-ugnayan sa amin sa:

## Farmers Contact Center

TEXT: 09209462474
CALL: (02) 8982-2474
TOLL FREE: 1-800-10-982-2474

Inilimbag ng:

**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**
Elliptical Road, Diliman, Quezon City
Tel. No.: (632) 8929 8541
Email: info@e-extension.gov.ph
www.ati.da.gov.ph | www.e-extension.gov.ph

# RCEF

RICE COMPETITIVENESS ENHANCEMENT FUND

SEED | MECHANIZATION | CREDIT | EXTENSION

# GABAY NG MGA MAGSASAKA





Bilang pangunahing pagkain sa bansa, napakahalaga ng bigas sa buhay ng mga Pilipino. Ang pagpapatupad ng Rice Tariffication Law (RTL) ang magbibigay daan sa gobyerno para makamit ang kasapatan ng bigas sa bansa.

Sa pamamagitan ng RTL, malayang maka-aangkat at makaluluwas ang bigas sa bansa sapagkat mapapalitan ang quantitative restriction ng sistema ng purong pagbubuwis o taripa. Aamyendahan din nito ang Agricultural Tariffication Act of 1996 na nagbubukod sa bigas bilang kalakal na hindi saklaw ng sistema ng purong pagbubuwis. Ito ay lubusang pagtupad sa ating kasunduan sa World Trade Organization noong 1995.

Para makasabay ang ating mga magsasaka sa liberalisasyon ng kalakalan, kailangan nating mapabuti ang kanilang mga ani at kita. Mayroon tayong Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) para magawa ito.

Sampung bilyong piso (P10B) kada taon ang ilalaan sa RCEF sa susunod na anim na taon simula ngayong 2019. Ang pondong ito ay ibibigay sa mga magsasaka sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga de-kalidad na binhi, makinarya, pautang, at mga pagsasanay sa pagsasaka.

Ganun din, kung ang malilikom na taripa ay higit pa sa P10B, ang sobra nito ay ilalaan sa susunod na taon para naman sa tulong pinansyal, pagpapatitulo ng mga lupang sakahan, pagsiseguro ng mga pananim o expanded crop insurance program, at crop diversification program.

> "Sa pamamagitan ng RCEF, inaasahang mapatataas natin ang antas ng kasanayan sa pagsasaka at pamumuhay ng ating mga magsasaka na ating mga katuwang sa pagtamo ng kasapatan ng bigas. Ang kanilang tagumpay ay magbibigay daan para magkaroon ang bawat Pilipino ng abot-kaya, ligtas, at masustansyang bigas o kanin sa hapag."
>
> \- Manong Willie Dar
> Kalihim, Kagawaran ng Pagsasaka

## Apat na pangunahing programa ng RCEF

1. Rice farm machinery and equipment
2. Rice seed development, propagation and promotion
3. Expanded rice credit assistance
4. Rice extension service

**PhP 10 Billion** (annual for 6 years)

- PhP 5B Machinery — PHilMech
- PhP 3B Inbred Seeds — PhilRice
- PhP 1B Credit — DBP (PhP 500M); LBP (PhP 500M)
- PhP 1B Extension — TESDA (PhP 700M); PHilMech (PhP 100M); PhilRice (PhP 100M); ATI (PhP 100M)



Masaganang ANI Mataas na KITA

## Mga ahensyang nagpapatupad ng RCEF

- Department of Agriculture
- Agricultural Training Institute
- Bureau of Plant Industry
- Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization
- Philippine Rice Research Institute
- Technical Education and Skills Development Authority
- Land Bank of the Philippines
- Development Bank of the Philippines

No. of Farm Parcels: ____________ Agrarian Reform Beneficiary (ARB): ☐ Yes ☐ No

| FARM PARCEL NO. | FARM LAND DESCRIPTION | CROP/COMMODITY (Rice/Corn/HVC/ Livestock/Poultry/ Agri-fishery) For Livestock & Poultry (specify type of animal) | SIZE (ha) | NO. OF HEAD (For Livestock and Poultry) | FARM TYPE ** | ORGANIC PRACTITIONER (Y/N) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Location (Barangay & Municipality): ____<br>Total Farm Area: ______ ha<br>*Ownership Document No: ______<br>☐ Registered Owner ☐ Others: ______<br>☐ Tenant (Name of Land Owner: ______)<br>☐ Lessee (Name of Land Owner: ______) | | | | | |
| 2 | Location (Barangay & Municipality): ____<br>Total Farm Area: ______ ha<br>*Ownership Document No: ______<br>☐ Registered Owner ☐ Others: ______<br>☐ Tenant (Name of Land Owner: ______)<br>☐ Lessee (Name of Land Owner: ______) | | | | | |
| 3 | Location (Barangay & Municipality): ____<br>Total Farm Area: ______ ha<br>*Ownership Document No: ______<br>☐ Registered Owner ☐ Others: ______<br>☐ Tenant (Name of Land Owner: ______)<br>☐ Lessee (Name of Land Owner: ______) | | | | | |

**OWNERSHIP DOCUMENT ***

1. Certificate of Land Transfer
2. Emancipation Patent
3. Individual Certificate of Land Ownership Award (CLOA)
4. Collective CLOA
5. Co-ownership CLOA
6. Agricultural sales patent
7. Homestead patent
8. Free Patent
9. Certificate of Title or Regular Title
10. Certificate of Ancestral Domain Title
11. Certificate of Ancestral Land Title
12. Tax Declaration

**FARM TYPE ****

1 - Irrigated
2 - Rainfed Upland
3 - Rainfed Lowland

(NOTE: not applicable to agri-fishery)

I hereby declare that all information indicated above are true and correct, and that they may be used by Department of Agriculture for the purposes of registration to the Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA) and other legitimate interests of the Department pursuant to its mandates.

| DATE | PRINTED NAME OF APPLICANT | SIGNATURE OF APPLICANT | THUMBMARK |
|---|---|---|---|
| | | | |

VERIFIED TRUE AND CORRECT BY:

| SIGNATURE ABOVE PRINTED NAME / DATE | SIGNATURE ABOVE PRINTED NAME / DATE | SIGNATURE ABOVE PRINTED NAME / DATE |
|---|---|---|
| BARANGAY CHAIRMAN | CITY/MUNICIPAL AGRICULTURE OFFICE | CAFC/MAFC CHAIRMAN |

**DATA PRIVACY POLICY**

The collection of personal information is for documentation, planning, reporting and processing purposes in availing agricultural related interventions. Processed data shall only be shared to partner agencies for planning, reporting and other use in accordance to the mandate of the agency. This is in compliance with the Data Sharing Policy of the department.

You have the right to ask for a copy of your personal data that we hold about you as well as to ask for it to be corrected if you think it is wrong. To do so, please contact <Contact Person and Contact Details>.

**THIS FORM IS NOT FOR SALE**

VERIFIED TRUE AND CORRECT BY:

| SIGNATURE ABOVE PRINTED NAME / DATE | SIGNATURE ABOVE PRINTED NAME / DATE | SIGNATURE ABOVE PRINTED NAME / DATE |
|---|---|---|
| BARANGAY CHAIRMAN | CITY/MUNICIPAL AGRICULTURE OFFICE | CAFC/MAFC CHAIRMAN |



# SEED PROGRAM

Rice seed development, propagation, and promotion

## MGA MAKIKINABANG

Mga magsasaka ng palay na nakatala sa RSBSA o mga kooperatiba o samahang akreditado ng Kagawaran ng Pagsasaka na pasado sa mga sumusunod na kwalipikasyon:

### Indibidwal na magsasaka

a. Kasama sa pinakahuling listahan ng mga magsasaka (RSBSA)

b. Kasapi sa samahan ng mga magsasaka na akreditado sa Kagawaran ng Pagsasaka

c. May sakahan sa napiling munisipyo

### Samahan ng mga magsasaka

a. Akreditado ng Kagawaran ng Pagsasaka o anumang ahensya ng pamahalaang kinikilala ng Kagawaran ng Pagsasaka

b. May mga kasapi na ang kabuuang sukat ng bukirin ay hindi bababa sa 20 ektarya na nasa 1 o 2 magkalapit na barangay na nasasakupan ng napiling lunsod o munisipyo



# PAANO MAKAKAKUHA NG BINHI

1. Dala ang ID na may larawan, magpunta sa lugar ng patalaan at tignan ang pangalan sa opisyal na talaan. Kung nakalista, magpatuloy sa susunod na hakbang.
2. Pumili o humanay sa linya ng inyong napiling barayti. Kumpletuhin o punan ang mga hinihinging impormasyon sa papel o dokumento.
3. Dumalo sa itinakdang pagpupulong o technical briefing.
4. Ipakita ang name tag, kunin ang binhi, at magpalitrato na kasama ang sako ng binhi habang hawak ang name tag. Punan ang survey form sa likod ng name tag at isauli ito.



REVISED VERSION: 09-2019

## ANI AT KITA
## RSBSA ENROLLMENT FORM

REGISTRY SYSTEM FOR BASIC SECTORS IN AGRICULTURE (RSBSA)

Masaganang ANI Mataas na KITA

2x2 PICTURE

PHOTO TAKEN WITHIN 6 MONTHS

ENROLLMENT: ☐ New ☐ Existing

*Reference/Control No.:* ____________

**PART I: PERSONAL INFORMATION**

SURNAME ____________ FIRST NAME ____________

MIDDLE NAME ____________ EXTENSION NAME ____________ SEX: ☐ Male ☐ Female

ADDRESS: HOUSE/LOT/BLDG. NO. | STREET/SITIO/SUBDV. | BARANGAY | MUNICIPALITY/CITY | PROVINCE | REGION

CONTACT NUMBER: ____________

DATE OF BIRTH: M M D D Y Y Y Y

PLACE OF BIRTH: ____________

RELIGION: ____________

CIVIL STATUS: ☐ Single ☐ Married ☐ Widowed ☐ Separated

NAME OF SPOUSE IF MARRIED: ____________

MOTHER'S MAIDEN NAME: ____________

HOUSEHOLD HEAD? ☐ Yes ☐ No

If no, name of household head: ____________

Relationship: ____________

No. of living household members: ____________

No. of male: ____________ No. of female: ____________

HIGHEST FORMAL EDUCATION: ☐ None ☐ Elementary ☐ High School ☐ Vocational ☐ College ☐ Post Graduate

PERSON WITH DISABILITY (PWD): ☐ Yes ☐ No

4P's Beneficiary? ☐ Yes ☐ No

Member of an **Indigenous Group?** ☐ Yes ☐ No

If yes, specify: ____________

With **Government ID?** ☐ Yes ☐ No

Specify ID number if yes: ____________

Member of any **Farmers Association/Cooperative?** ☐ Yes ☐ No

If yes, specify: ____________

PERSON TO NOTIFY IN CASE OF EMERGENCY: ____________

CONTACT NUMBER: ____________

**PART II: FARM PROFILE**

MAIN LIVELIHOOD ☐ FARMER ☐ FARMWORKER/LABORER ☐ FISHERFOLK

*For farmers:*

Type of Farming Activity
- ☐ Rice
- ☐ Corn
- ☐ Other crops, please specify: ____________
- ☐ Livestock, please specify: ____________
- ☐ Poultry, please specify: ____________

*For farmworkers:*

Kind of Work
- ☐ Land Preparation
- ☐ Planting/Transplanting
- ☐ Cultivation
- ☐ Harvesting
- ☐ Others, please specify: ____________

*For fisherfolk:*

The Lending Conduit shall coordinate with the Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) in the issuance of a certification that the fisherfolk-borrower under PUNLA/PLEA is registered under the Municipal Fisherfolk Registration (FishR).

Type of Fishing Activity
- ☐ Fish Capture
- ☐ Fish Processing
- ☐ Aquaculture
- ☐ Fish Vending
- ☐ Gleaning
- ☐ Others, please specify: ____________

Gross Annual Income Last Year: Farming: ____________ Non-farming: ____________

---

**Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA)**
**ENROLLMENT CLIENT'S COPY**

*Reference/Control No.:* ____________

SURNAME ____________ FIRST NAME ____________

MIDDLE NAME ____________ EXTENSION NAME ____________

THIS FORM IS NOT FOR SALE

# RSBSA

## Registry System for Basic Sectors in Agriculture

### Pagpapatala sa RSBSA

**Para sa mga indibidwal na magsasaka**
Ang magsasaka ay kailangang pumunta sa city o municipal agriculture office (CAO/MAO) at magpalista ayon sa sumusunod na proseso:

1. Magpakita ng patunay ng pagkakakilanlan at pagiging magsasaka ng palay
2. Punan at lagdaan ang RSBSA enrolment form

### Akreditasyon

**Para sa mga samahan ng mga magsasaka**
Ang samahan ng mga magsasaka na nagpapa-akredit ay kailangang magpasa ng mga sumusunod na dokumento sa DA-RFO:

1. Liham na nagsasaad ng intensyon o interes sa programa
2. Katunayan at rehistro mula sa anumang kinikilalang ahensya ng pamahalaan
3. Farmers' Association Profile o listahan ng mga opisyal at miyembro ng samahan na may lagda at lokasyon ng tirahan at sakahan
4. Omnibus Sworn Statement o sinumpaang salaysay
5. Endorso mula sa city o municipal agriculture office o mula sa pambayang konseho ng pangisdaan



Libre ang binhi sa dalawang (2) magkasunod na taniman simula sa Dry Season 2020 para sa mga magsasakang may:

| Sukat ng taniman (ha) | Bilang ng kaban (20 kg/kaban) |
|---|---|
| maliit pa o katumbas ng 0.5 | 1 |
| higit pa sa 0.5- 1 | 2 |
| higit pa sa 1 - 1.5 | 3 |
| higit pa sa 1.5 | 4 |

Maaaring makatanggap muli ang mga magsasaka sa susunod na siklo ng program kung nakamit nila ang itinakdang dami ng ani kada ektarya:

| Baseline Yield | Low Yielding Season | High Yielding Season |
|---|---|---|
| **Tubigan** | | |
| mababa sa 4 t/ha | 4 t/ha | 5 t/ha |
| 4 t/ha pataas | 5 t/ha | 6 t/ha |
| **Sahod-ulan** | | |
| 4 t/ha | 3.5 t/h | - |
| 4 t/ha pataas | 4.5 t/h | - |

Kabilang sa mga barayti ang tatlong (3) rekomendadong barayti sa bansa at dalawang (2) rekomendadong barayti sa rehiyon. Ang pagpili sa mga barayti ay gagawin sa pamamaraang "first come, first serve."






MECHANIZATION PROGRAM | Rice farm machinery and equipment

## MGA MAKIKINABANG

Mga nakatalang kooperatiba at samahan ng mga magsasaka (FCA) na may mga aktibong kasapi at may akreditasyon mula sa Kagawaran ng Pagsasaka.

## MGA MAKINANG MAAARING PAKINABANGAN

- Agricultural Tractors
- Farm Tillers
- Rice Seeders
- Rice Transplanters
- Rice Harvesters
- Rice Reapers
- Rice Threshers
- Mechanical Rice Dryers
- Ricemills
- Irrigation Pumps
- Small Solar Irrigation





**Pagsasanay sa mga dalubhasa (specialists training)**

1. Rice Specialists' Training Course (PhilRice)
2. Performance Testing and Evaluation ng Rice Machinery (PHilMech)
3. Resource Person Development (PHilMech) para sa mga sumusunod:
   - Operation and Maintenance ng Rice Machinery
   - Operation and Management ng Agri-Machinery Pool
4. Inbred rice seed production & certification for deputized & designated seed inspectors (ATI and BPI-NSQCS)
5. Seed testing & certification training para sa mga seed analysts (BPI-NSQCS)

**Pagsasanay sa mga tagapagsanay (Training for trainers)**

1. Produksyon ng high quality inbred rice/seeds (ATI, PhilRice, and PHilMech)
2. Refresher courses para sa rice extension workers (PhilRice, PHilMech, and ATI)
3. Operation at Maintenance ng Rice Machinery (PHilMech)
4. Operation at Management ng Agri-machinery Pool (PHilMech)

**Pagsasanay sa mga magsasaka, seed growers, kooperatiba/samahan**

1. FFS sa inbred rice/seed production (ATI and TESDA)
2. Iba pang pagsasanay na may kinalaman sa pagpapalay (ATI and TESDA)
3. Inbred seed production & certification para sa mga potential seed growers (ATI and BPI-NSQCS)
4. Refresher course para sa seed growers (ATI and BPI-NSQCS)
5. Farm school certification & accreditation (ATI and TESDA)

Ang paglalaan ng mga puwang sa pagsasanay ay depende sa lugar ng taniman/lalawigan o, kung kinakailangan, batay sa ngunit hindi limitado sa antas ng paggamit ng mga sertipikadong binhi ng inbred at mga makina sa bukid, antas ng ani, gastos sa produksyon, at bilang ng mga agricultural extension workers.




## EXTENSION PROGRAM
### Rice extension service



TESDA ang magpapatupad ng programa sa iskolarsyip para sa mga magsasaka, mga manggagawa sa sakahan na nakalista sa RSBSA, kabilang ang mga kooperatiba, at samahan na kinikilala ng Kagawaran ng Pagsasaka na nagpatala sa modified farmers field school (FFS) na isasagawa ng farm schools.

PAANO MAKAKUHA NG ISKOLARSYIP MULA SA MGA FARM SCHOOLS

**Farmers Field School**

1. Pagpapatala sa modified FFS ng farm schools (3-11 araw)
2. Aplikasyon sa iskolarsyip ng mga magsasaka
3. Pagkakaloob ng iskolarsyip
4. Pagpapatupad ng pagsasanay
5. Pagtatasa ng kakayahan/kasanayan (opsyonal)
6. Mga gawain matapos ang pagpapatupad (pagsingil ng farm school o kabayaran para sa farm school)



## Mga kinakailangan para maging benepisyaryo ang mga FCAs

1. May kabuuang sukat ng palayan na hindi bababa sa 50 ektarya ang mga regular na kasapi
2. May kabuuang sukat ng palayan na hindi bababa sa 100 ektarya ng palayan ang mga magkakalapit na barangay na paglalagakan ng mga makinarya at mga pasilidad sa pamamahala ng ani
3. May kakayahan na patakbuhin at panatilihin ang operasyon ng mga makinarya at kagamitan, at pumapayag na dumalo sa mga teknikal na pagsasanay
4. Pumapayag na magbigay ng pasilidad na paglalagyan ng mga makinarya bilang kanilang bahagi sa proyekto
5. Pumapayag na pangasiwaan ang proyekto ayon sa mga sumusunod na batayan:
   - Pagsunod sa itinakdang bayad o service fee
   - Pangangasiwa sa proyekto gamit ang sistematikong pamamaraan ng pamamahala sa mga makinarya
   - Pagpayag na dumalo sa mga teknikal na pagsasanay
6. Pumapayag sa mga layunin ng proyekto

# Mga kailangang dokumento mula sa mga FCAs:

1. Liham ng interes at resolusyon mula sa samahan na nagsasaad ng pangangailangan ng mga makinarya at mga pasilidad sa pamamahala ng ani, at pagsang-ayon na maglalaan ng paglalagakan ng mga ito

2. Listahan ng mga kasapi ng kooperatiba o samahan na naglalaman ng mga sukat ng lupang sinasaka, mga makinaryang ginagamit, at iba pang mga inpormasyon na may kinalaman sa operasyon ng kooperatiba at samahan

3. Katibayan o sertipiko ng akreditasyon mula sa Kagawaran ng Pagsasaka





| MANGUNGUTANG | LAYUNIN | HALAGANG MAHIHIRAM |
|---|---|---|
| Indibidwal na magsasaka/ kasapi | - pagbili ng mga materyales (abono, atbp.)<br>- pagkakaroon ng mga makinarya at kagamitan kabilang ang mechanical dryer | Hanggang 90 bahagdan (90%) ng halaga ng kabuuang proyek- to pero hindi lalampas sa P1 milyon |
| Mga kooperatiba | - pagbili ng mga materyales (abono, atbp.)<br>- paunang puhunan<br>- pagbili ng mga makinarya at kagamitan kabilang ang mechanical dryer<br>- paggawa/pagtatayo ng pasilidad<br>- muling pagpapautang o diskwento sa kasalukuyang utang sa mga maliliit na magsasaka na nakalista sa RSBSA | |

| PAMAMARAAN | PASILIDAD | ANTAS NG TUBO |
|---|---|---|
| Direktang paghiram (direct lending) | Pangmadalian/ pangmata- galan(Short Term Loan/Long Term Loan | 2 bahagdan (2%) kada taon |
| On-Lending | Muling pautang/diskwento | 0% o walang tubo sa loob ng isang taon kapag ang itinak- dang tubo ay hindi hihigit sa 6 na bahagdan (6%) kada taon |

| COMPONENT | BAHAGI NG GASTOS |
|---|---|
| ERCA-RCEF | 90% |
| Borrower's Equity | 10% |

## Mga dokumentong kailangan sa pag-utang ng mga indibidwal na magsasaka

1 Pinunang loan application form

2 Kopya ng isang (1) government-issued ID, o Barangay Certification

3 Sinumpaang salaysay o katunayan na walang pagkakautang sa anumang institusyong nagpapautang/DA-ACPC para sa kaparehong proyekto

**Ang mga sumusunod na dokumento ay kailan kung ang hihiramin ay lalagpas ng P3M o kaya ang paggagamitan ay tatagal ng higit sa tatlong (3) taon:**

- Kopya ng ITR (income tax return) ng hihiram at ng co-maker na may stamp o selyo mula sa BIR
- Kopya ng pinakahuling financial statement na kahalintulad ng ginamit o ipinasa sa BIR para sa pagbubuwis

## Mga dokumentong kailangan sa pag-utang ng mga kooperatiba

1. Aplikasyon sa pag-utang
2. Sertipiko ng akreditasyon sa Kagawaran ng Pagsasaka
3. Kopya ng sertipiko/rehistro mula sa CDA
4. Listahan ng mga opisyal at mga kawaning may hawak na mahahalagang posisyon
5. Mga ID at bio-data ng mga kasalukuyang opisyales, mga kawaning may hawak na mahahalagang posisyon, at lupon ng mga direktor
6. Resolusyon ng lupon na may mga otorisadong mga lagda na nagpapahintulot sa kooperatiba na mangutang
7. Sinuring talaan ng pananalapi sa nakalipas na taon o kasalukuyang talaan ng pananalapi bilang panimula
8. Plano ng negosyo/kabuuang plano sa bukid at pondo, o alinman sa nabanggit
9. Permiso ng negosyo sa kasalukuyang taon
10 Sertipiko ng pagsasanay mula sa isang kinikilalang paaralan/institusyon na nagsasagawa ng mga proyekto sa pagpapalayan
11. Sertipikasyon mula sa Philrice at Philmech na ang aplikante ay hindi benepisyaryo ng programa ng makinarya at binhi ng RCEF o alinman sa dalawa, para sa proyektong inaaplayan para mapondohan. Kung benepisyaryo, i-detalye ang mga tulong na natanggap






CREDIT PROGRAM

Expanded rice credit assistance

**Indibidwal na magsasakang rehistrado sa RSBSA**

**Akreditadong kooperatiba na may mga miyembrong nagsasaka ng palay**



# MGA PAMANTAYAN

## Indibidwal na magsasaka ng palay

- Nakatala ang pangalan sa RSBSA
- Walang kasalukuyang utang sa mga pormal na institusyong nagpapautang at sa mga itinalaga ng Kagawaran ng Pagsasaka (DA-ACPC) para sa kaparehong proyekto
- Nakadalo sa teknikal na pagsasanay mula sa mga institusyong nagbibigay ng mga proyekto sa pagpapalay
- May maayos na tala o walang tala ng hindi pagbabayad ng utang

Ang mga magsasaka na nakakuha na ng tulong sa binhi at mekanisasyon ay hindi na maaaring makahiram sa RCEF maliban na lang kung ang hihiramin ay gagamitin para pondohan ang iba pang proyekto na may kinalaman sa pagpapalay.

## Akreditadong kooperatiba na may mga miyembrong nagsasaka ng palay

- Nakarehistro sa Cooperative Development Authority (CDA)
- Akreditado/kinikilala ng Kagawaran ng Pagsasaka
- May maayos na tala o kasaysayan sa kooperatiba at sa mga namumuno
- Suportado ng mga kasapi at may malinaw na panuntunan ang operasyon
- Maganda at maayos ang kalagayan sa pananalapi
- Hindi lalagpas sa 25 bahagdan (25%) ang utang na hindi nabayaran sa tinakdang palugit
- Sertipiko ng pagtupad mula sa CDA, kung kinakailangan
- May kapital na hindi bababa sa PhP 30,000 ayon sa itinakda ng CDA
- Kabisado o may karanasan na sa ninanais na proyekto
- Nakadalo sa teknikal na pagsasanay mula sa mga institusyong nagbibigay ng mga proyekto sa pagpapalay

Ang mga kooperatiba na nakakuha na ng tulong sa binhi at mekanisasyon ay hindi na maaaring makahiram sa RCEF maliban na lang kung ang hihiramin ay gagamitin para pondohan ang iba pang proyekto na may kinalaman sa pagpapalay.





### Mga pamantayan para sa mga miyembro (para makapanghiram muli o makakuha ng diskwento sa kasalukuyang utang)

- Nakatala sa RSBSA
- Tumutupad sa mga pinirmahang sub-promisory notes o kasunduan sa pagbabayad
- Nakadalo sa teknikal na pagsasanay mula sa mga institusyong nagbibigay ng mga proyekto sa pagpapalay

## Pinakamalaking halaga na maaaring hiramin

### Maaaring humiram ng hanggang 90 bahagdan (90%) ng kabuuang halaga ng proyekto

Halimbawa 1: Kung ang magsasaka ay gagastos ng P55,000 sa isang ektarya, maaari siyang makahiram ng hanggang P50,000 kada ektarya.

Halimbawa 2: Kung ang magsasaka ay gustong bumili ng hand tractor (kasama na ang pagsubok na mapatakbo at ang paghahatid nito) na nagkakahalaga ng P140,000, siya ay puwedeng umutang ng hanggang P126,000, at ang kakulangan na P14,000 ang kanyang idadagdag.

## Antas ng tubo

A) Ang tubo ng kanyang pagkakautang para sa produksiyon o pagbili ng makinarya o kagamitan ay 2 bahagdan (2%) kada taon.

Halimbawa: Kung ang magsasaka ay hihiram ng P50,000 at ito ay kanyang babayaran sa loob ng 4 buwan, siya ay magbabayad ng tubo na P334 o kabuuang P50,334 kasama ang prinsipal.

B) Kung ang mangungutang ay kooperatiba at pagkatapos ay ipapautang ito sa kanyang mga kasapi, ang halagang inutang ng kooperatiba ay walang tubo sa loob ng isang taon kapag ang kanyang itinakdang tubo ay hindi hihigit sa 6 na bahagdan (6%) kada taon.